


# ANG TUBIG AY BUHAY

*Praymer Hinggil sa Tubig*

Ito ay ikalawang paglimbag ng naunang bersiyon ng “ANG TUBIG AY BUHAY, Praymer Hinggil sa Tubig”, na inilathala sa kagandahang loob, ng Management and Organizational Development for Empowerment (MODE), na siyang lead convener ng Water Cluster ng Pambansang Koalisyon ng Kababaihan sa Kanayunan (PKKK). Ang ikalawang bersyon ay isinaayos para sa pangalawang paglimbag ni Ms. Daisy Valerio.  Ang ikalawang paglimbag ay nagmula na sa sariling pondo ng PKKK.

# ANG TUBIG AY BUHAY

**Praymer Hinggil sa Tubig**

Pangalawang Bersyon

# PAUNANG SALITA

Ang pagbuo nitong praymer ay dulot ng pangangailangang palaganapin ang isyu ng tubig. Pangunahing layunin nito ang pagbibigay ng impormasyon na maaring makatulong sa pagtatayo ng mga organisasyon sa iba't ibang antas hanggang sa mga komunidad na magkakampanya sa pagkakaroon ng malinis na tubig sa bawat kabahayan partikular sa kanayunan.

Nabuo ang unang bersyon ng praymer mula sa serye ng konsultasyon sa mga NGOs, POs at ilang ahensya ng gobyerno. Malaking bahagi dito ay produkto ng naidaos na pagpupulong ng Pambansang Koalisyon ng Kababaihan sa Kanayunan o PKKK Rural Women Cluster on Water na ginanap nuong 24-28 ng Mayo 2004. Sa kasalukuyang bersyon, naidagdag ang ilang susing usapin mula sa pagsisiyasat ng MODE kaugnay sa inuming tubig sa 61 barangay sa Samar, ang resulta ng konsultasyon ng PKKK Rural Women Cluster noong 21-22 ng Agusto 2006 at ilang pag-unlad sa adbokasiya sa tubig sa pambansang antas.

Binigyang-diin din dito ang mahalagang papel ng mga kababaihan sa kalahatang kampanya sa tubig. Dahil mga kababaihan ang pangunahing nagtitiyak sa pagkain at iba pang mga pangangailangan ng kanilang pamilya kasama na ang tubig, nararapat lamang na makalahok sila kundi man sila manguna sa pagpapaunlad ng mga proyektong pangtubig sa kanilang mga komunidad.

# I. ANG KALAHATANG KATANGIAN NG TUBIG

***Gaano katagal nababago o napapalitan ang tubig?***

- 9 na araw sa kalawakan (*atmosphere)*
- 37,000 taon sa malalim na dagat
- 12-20 araw sa ilog/batis
- 10-100 taon sa lawa (*lakes)* ayon sa lalim
- 300 – 4,600 taon sa ilalim ng lupa *(groundwater)* ayon sa lalim

Ibig sabihin maaaring hindi mabago o mapalitan ang tubig ayon sa balangkas ng panahon ng tao.

***Gaano kahalaga ang tubig sa tao?***

Ang tubig ay buhay. Hindi mabubuhay ang tao ng walang tubig. Kailangan ng tao ang tubig upang maging malusog, magtamasa ng buhay na marangal at mapaunlad ang sariling pagkatao at ng lipunan. Sinasabing ang katawan ng tao ay binubuo ng 75% tubig at 25% na solidong bagay.

***Anu-ano ang sistema ng distribusyon ng tubig sa Pilipinas?***

**Level I** (mula sa pinanggagalingan/*point source*) ang halimbawa nito ay ang balon o bukal subalit walang sistema ng distribusyon kung kaya't dito direktang kinukuha ang tubig;

**Level II** (gripo na pinagsasaluhan ng komunidad/*communal faucet system)* isang sistema na may imbakan/*reservoir*, kabit-kabit na tubo at gripo na karaniwang nakalagay sa ilang bahagi ng kalsada at dito kumukuha ng tubig ang komunidad. Karaniwan ito sa kanayunan;

**Level III** (waterworks system o individual household connection) may koneksyon ng tubo at gripo ang bawat bahay. Karaniwang makikita ito sa Metro Manila, Cebu, Davao, Baguio at iba pang mga syudad sa Pilipinas.

***Anu-ano ang dahilan ng krisis sa tubig?***

Maraming lugar sa ating bansa ang dumadanas ng matinding krisis sa tubig. Hindi lahat ay nagkakaroon o nakakakuha ng sapat na malinis na tubig para sa kanilang mga pangangailangan. Ito ay dahil sa pagkasira at pagkawasak ng mga ilog at lawa at ng kanilang pagkatuyo o pagiging *polluted* ng mga ito, paglaki ng populasyon, malawakang paggamit ng mga pestisidyo, pagtatayo ng mga malalaking korporasyon na walang pakundangang nakasisira sa kalikasan, at iba pa.

Hali*mbawa:*

- *Sa 75 probinsya sa bansa, 36 ang may malubhang pagdausdos ng lupa (soil erosion). Kabilang dito ang Batangas, Cebu, Marinduque, La Union at Ilocos Sur.*

- Sa Luzon, nanganganib ang kalagayan ng 4 na malalaking *basin* dahil sa pagdausdos ng lupa at pagdami ng latak *(sedimentation)*; tatlong ilog sa Benguet-Agno, Bued at Amburayan ang nasalaula ng dumi ng minahan at nakamamatay na kemiko.

- Sa Katimugang Mindanao, 200,000 ektarya ng lupa ng kagubatan ang nakakalbo, na nagbubunga sa pagkasira ng dalawang ilog; ang Hijo River sa Davao del Norte at Davao River sa Davao City. Ang pagkamatay ng Hijo River ay dahil sa lason na nagmumula sa mga korporasyon ng minahan.

# II. MGA LIGAL NA BATAYAN, BATAS, RESOLUSYON AT MGA RESPONSIBILIDAD NG PAMAHALAAN KAUGNAY SA TUBIG

***Karapatan ba ang pagkakaroon ng tubig?***

Kaugnay ng karapatan sa tubig ang iba pang karapatan tulad ng karapatang mabuhay, karapatan sa pagkain, sa kalusugan, sa kapaligiran at sa kaunlaran.

***May ligal na batayan ba ng karapatan sa tubig?***

Kinikilala ang karapatan sa tubig at nakadambana ito sa ilang instrumento ng pandaigdigang karapatang pantao at iba pang mga kasunduan. Kabilang dito ang mga sumusunod:

- International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights (ICESCR)
    - The Covenant states that: *"the human right to water entitles everyone to sufficient; affordable; physically accessible; safe and acceptable water for personal and domestic uses."*

        (TALA: Inaatasan nito ang mga pamahalaan na magkaroon ng pambansang pamamaraan at plano ng pagkilos tungo sa ganap na pagkakaroon ng karapatan sa tubig.)

- Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW)
- Convention on the Rights of the Child (CRC)
- Rio Declaration on the Right to Environment and Development
- 1987 Philippine Constitution (Arts. II, XII, XIII)
- Republic Act 9275 o Philippine Clean Water Act of 2004

***Anu-ano ang bahagi o nilalaman ng karapatan sa tubig?***

1. **Sapat**/*Adequacy*. Wastong dami at linis (*quality)* na nauukol sa marangal ng pamumuhay, buhay at kalusugan;
2. **Mapagtatagal**/*Sustainability.* Maaaring tamasahin ang karapatan ng kasalukuyan at darating pang henerasyon.
3. **Makukuha**/*Availability.* Sapat sa pangangailangan ng bawat tao para sa pansarili at sambahayang gamit.
4. **Uri**/*Quality*. Dapat na ligtas at malinis, walang mikrobyo, kemikal ma makasasama sa kalusugan ng tao; katanggap-tanggap ang kulay, amoy, lasa para sa pansarili at sambahayang gamit.

5. **Mapupuntahan**/*Accessibility.* Walang itinatangi ang pasilidad at serbisyo ng tubig at dapat na mapupuntahan. May apat na katangian ang sinasabing mapupuntahan o *accessibility* ng tubig:

   a. **Kinalalagyan / Lugar**/*physical.* Nasa ligtas na kinalalagyan at mapupuntahan ng mga naninirahan sa lugar.

   b. **Hindi magastos**/economic. Makakayanan ng mamamayan.

   k. **Walang itininatangi**/*non-discrimination.* Makukuha at dapat na walang itinatangi ang pasilidad at serbisyo sa lahat, maging ang pinakamahihirap na bahagi ng mamamayan.

   d. **Makukuhang kaalaman o impormasyon**/*Information accessibility.* Kasama dito ang karapatang humanap, tumanggap at magbigay ng impormasyon o kaalaman sa mga usaping may kinalaman sa tubig.

***May obligasyon ba o pananagutan ang Estado hinggil sa tubig?***

May obligasyon o pananagutan ang Estado kaugnay sa karapatan sa tubig tulad ng anumang kaparapang pantao.

**May 3 uri / tipo ng pananagutan ang Estado:**

1. **Obligasyon na Pag-galang**/*Obligation to respect.* Hindi dapat nakikialam ang Estado, tuwiran o di-tuwiran, sa pagtatamasa ng karapatan sa tubig ng tao; hindi dapat na lumalahok ang Estado sa anumang gawain o aktibidad na magkakait o magbabawas sa pantay-pantay na pagkakaroon ng sapat na tubig o di-makatuwirang pakikialam sa nakagawiang kaayusan sa pagbabahaginan ng tubig; iligal na pagbabawas o pagsalaula sa tubig, halimbawa- pagtatambak ng dumi o basura mula sa pasilidad na pag-aari ng Estado at pagsubok sa mga sandata;

    - Di-makatarungang pagputol ng serbisyo sa tubig. Halimbawa ay ang pagputol ng serbisyo ng tubig o pagwasak bilang parusa sa panahon ng digma o armadong tunggalian.

    - Di-makatarungang pagtataas ng presyo ng tubig.

2. **Obligasyon na Pangangalaga**/*Obligation to protect*. Inaatasan ang Estado na hadlangan ang sinumang tao, pangkat, korporasyon, na makialam sa pagtatamasa ng tao sa karapatan sa tubig. Kasama dito ang paglalabas ng kinakailangan at mabisang batas at iba pang pamamaraan upang hadlangan ang iba na makialam o mag-alis ng pantay na pagkakaroon ng tubig at di-makatarungang pagkuha/paglimas ng tubig sa pinagkukunan.

- Di paggawa ng batas o di pagpapatupad ng batas para di marumihan at gumawa ng di-makatarungang paglilimas ng tubig.

- Di mabisang pamamahala o kulang sa regulasyon at kontrol sa nagbibigay ng serbisyo sa tubig.

- Pagkukulang na pangalagaan ang sistema ng paglalaan o distribusyon ng tubig.

3. **Obligasyon na Pagtupad**/*Obligation to fulfill*. Inaatasan ang Estado na gumawa ng mga kinakailangang pamamaraan tungo sa ganap na pagkakaroon ng karapatan sa tubig. Pagsasagawa ng pambansang estratehiya sa tubig at plano ng pagkilos na titiyak na hindi magastos at pagpapadaloy ng mas mahusay at tuloy-tuloy na pagkakaroon ng tubig. Maituturing na paglabag sa obligasyong pagtupad ang di pagsasagawa o pagpapatupad ng isang pambansang patakaran sa tubig

***Sa Pilipinas, ano ang batas na may kinalaman sa tubig?***

Ang Republic Act 9275 na tinatawag ding "Philippine Clean Water Act of 2004" na ipinasa ng Senado at ng Kongreso nuong Pebrero 4, 2004 at nilagdaan ni Presidente Gloria Macapagal-Arroyo nuong Marso 22, 2004.

***Anu-ano ang ipinagbabawal ng batas:***

**Ilan dito ang mga sumusunod:**

1. Ang pagtatapon ng anumang bagay, tuwiran o di-tuwiran, sa kalipunan ng tubig o malapit dito na maaaring tangayin ng ulan o baha na makasasalaula o magbibigay- polusyon sa tubig o pipigil sa likas na daloy ng tubig.

2. Pagtatapon/pagdidiskarga na maaaring tumagos sa lupa at makapagpaparumi ng tubig sa ilalim ng lupa;

3. Pagpapatakbo ng pasilidad na nagtatapon ng regulated water pollutants na walang permiso;

4. Pagtatapon sa dagat mula sa barko ng basura ng gamot na maaaring makapagdala ng sakit maliban na lamang kung malalagay sa panganib ang kalusugan at kaligtasan ng pasahero;

5. Walang pahintulot na paghahatid o pagtatapon ng dumi (sewage slidge or solid waste) na binanggit sa RA 9003;

6. Paghahatid o pagtatapon ng bawal na kemikal na iba pa sa nakalista sa RA 6969;

7. Pagsasagawa ng aktibidad o proyekto na lumalabag sa Presidential Decree No. 1586.

***Mayroon bang maaaring paglabag sa batas ang Estado at anong uri ang maaaring paglabag nito sa batas?***

Mayroon.

- Kung ayaw tumupad sa obligasyon ukol sa karapatan sa tubig;

- Kung may pagkukulang na gamitin sa abot ng makakaya na matamasa ng mamamayan ang karapatan sa tubig.

*Anong uri ang maaaring paglabag sa batas:*

- **Sinadyang Gawa**/*Acts of Commission*. Halimbawa: pagsasagawa ng batas na hindi naaayon o sumasalungat sa umiiral o dati pang batas hinggil sa tubig.

- **Di pagkilos**/*Acts of Omission*. Pagkukulang na gumawa ng karampatang hakbang tungo sa ganap na pagkakaroon ng karapatan sa tubig; pagkukulang na magkaroon ng pambansang patakaran hinggil sa tubig at pagkukulang na ipatupad ang kaugnay na batas.

## Mga Responsibilidad ng Pamahalaan Kaugnay sa Tubig

***Ano-anong mga ahensiya ng gobyerno ang may pangunahing katungkulan sa pagsasakatuparan ng batas kaugnay sa tubig?***

Ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa pakikipagtulungan sa National Water Resources Board (NWRB) ang siyang nagtatalaga ng lugar bilang *water quality management areas.*

Inaprubahan ng NWRB noong Mayo 27, 1996 ang Resolution # 03-0596 na nagtatakdang lahat ng mga pribado, kooperatiba at pampublikong pasilidad para sa tubig ay kinakailangang kumuha mula sa NWRB ng CPC o *Certificate of Public Convenience and Necessity.* Magmumulta ng P5,000.00 ang lahat ng mga pasilidad sa tubig na walang CTC. Ayon sa NWRB, ang CPC daw ang nagtitiyak na lahat ng mga pasilidad sa tubig ay nakapagbibigay ng karampatang serbisyo sa mamamayan.

***Sino naman ang mamamahala ng* water quality management areas?**

Isang *governing board* o isang kapulungang tagapamahala na binubuo ng mga kinatawan ng mga Mayors at Governors ng *local government units (LGUs)* at kinatawan ng may kinalaman na mga pambansang ahensya, *non-government agencies*, *water utility sector* at *business sector.* Pamumunuan ito ng kinatawan mula sa DENR. Sila ang magsasagawa ng estratehiya o pamamaraan para isaayos

ang mga patakaran para sa mabisang pagsasakatuparan ng batas. Magkakaroon ang bawat *management area* ng *technical secretariat* na binubuo ng:

1. Isang abogado na kasapi ng Philippine Bar;

2. Isang *Chemical Engineer, Chemist, Sanitary Engineer, Environmental Engineer o Ecologist* o isa na may malawak na kasanayan sa *chemistry;*

3. Isang *Civil Engineer/Hydrologist* o kaugnay na malawak na kasanayan; at

4. Isang *Geologist/Biologist* o kaugnay na malawak na kasanayan

Kapansin-pansin sa komposisyon ng istrukturang nabanggit sa itaas na walang kinatawan dito *ang* mga komunidad na siyang direktang gumagamit at nararapat lamang direktang may kinalaman sa pangangasiwa sa mga pasilidad ng tubig.

***Ano ang papel ng Local Government Units (LGUs)?***

Katuwang sa tungkulin ang LGUs sa pamamahala at pagpapaunlad ng kalidad ng tubig sa loob ng saklaw ng kanilang teritoryo. Ang bawat LGU, sa pamamagitan ng kanyang *Environment and National Resources Office (ENRO)* na itinatag ng RA 7160, ay may mga sumusunod na kapangyarihan at gawain:

1. Subaybayan ang kalidad ng tubig;

2. Pangkagipitang pagtugon (Emergency response);

3. Sundin ang balangkas ng *Water Quality Management Action Plan*

4. Aktibong lumahok sa lahat ng gawain tungkol sa pangangalaga ng kalidad ng tubig at rehabilitasyon; at

5. Makipagtulungan sa ibang ahensiya ng gobyerno, lipunang sibil (civil society) at sa mga may kaugnayang sector sa pagsasakatuparan ng mga pamamaraan upang maiwasan ang polusyon sa tubig.

# III. ANG KALAGAYAN NG TUBIG SA KANAYUNAN AT IBA PANG MAHAHALAGANG USAPIN KAUGNAY SA TUBIG

***Ano ang kalahatang kalagayan ng tubig sa kanayunan?***

Napakahirap ang kalagayan ng tubig sa kanayunan. Sinasalamin ito ng resulta ng pananaliksik na ginawa ng MODE mula Hulyo 2004 hanggang Mayo 2006 sa 61 komunidad sa Samar. Sinasabing mula pa noong 1940's hanggang sa kasalukuyan, ang mamamayan sa mga rural na komunidad ay patuloy na naghahanap ng mapagkukunan ng malinis na tubig.

- Ang pinanggagalingan ng tubig ng nabanggit na 61 komunidad ay ang sumusunod: reservoir – 4, faucets/solar faucets – 78 (Level II), jetmatic pumps – 281, poso – 37, balon na may takip – 149, balon na walang takip – 289, bukal – 16, rain water containers – 15, LAWAD connection/LUWA – 31, ilog – 1, solar tap stand – 50, electric water pump – 3 at Aqua Mega – 2

- Karaniwang ang tubig mula sa mga poso at balon ay ginagamit lamang na panlaba, panghugas ng pinggan, pampaligo, atbp. Kadalasang iniigib ang inuming tubig mula sa mga jetmatic pumps at/o mga bukal na lubhang malayosa mga kabahayan.

- Ngunit, higit na mas mahirap ang inuming tubig sa panahon ng tag-araw dahil natutuyu-an ang mga jetmatic pumps at iba

pang mga pinanggagalingan ng tubig. Para magkaroon ng inumin, pinapakuluan ang tubig o kaya'y nilalagyan ng chlorine ang mga pinagkukunan ng tubig habang ang mga may kakayahan ay bumibili ng bottled water sa mga sentrong bayan.

- Sa tag-ulan naman, maraming mga tao laluna ang mga bata ang nagkakaroon ng sakit dulot ng tubig gaya ng diarrhea, bulate o ring worms, El Tor, sakit sa balat, atbp.

- Makikita sa itaas na ang Level III water supply system ay malayo sa karanasan ng mamamayan sa mga rural na komunidad.

Sa kalahatan, napakalaking oras araw-araw ang ginagamit ng mga tao sa mga rural na komunidad sa pag-iigib ng tubig sa halip na gamitin nila ang oras sa iba pang mga gawaing produktibo. Kapag ang ama ay nasa bukid, kadalasang ang umiigib ng tubig ay ang mga kababaihan, mga kabataan at mga maliliit na bata.

***Anu-ano ang mga pananaw sa tubig?***

**May dalawang nagbabanggaang pananaw kaugnay sa tubig:**

**Una,** ang pananaw na karapatan ang pagkakaroon ng tubig sa buhay

- Ang tubig ay isang bagay na panlipunan at pangkultura at hindi isang bagay na pagkakakitaan.

- Kapag nalagay sa pribadong pag-aari ang pinagkukunan ng tubig, inilalagay nito sa panganib ang karapatang mabuhay ng tao at hindi na ito mapangangalagaan bilang biyaya para sa sangkatauhan.

- Hindi usapin ng karapatan ng tao kung nasa pribado ang

- Kapag nalagay sa pribadong pag-aari ang pinagkukunan ng tubig, inilalagay nito sa panganib ang karapatang mabuhay ng tao at hindi na ito mapangangalagaan bilang biyaya para sa sangkatauhan.

- Hindi usapin ng karapatan ng tao kung nasa pribado ang pag-aari ng tubig kundi ng kakayahang bumili ng tao – lalo ang mahihirap.

**Pangalawa**, ang pananaw na ang tubig ay isang bagay na mapagkikitaan.

- Malulutas daw ang kakulangan sa tubig sa pamamagitan ng batas ng malayang kalakalan o *free trade.*

- Pinakamabisa ang pribadong pag-aari sa pagsasaayos ng pamamaraan upang malutas ang problema sa tubig.

- Ang paglalagay ng presyo sa tubig ang magtitiyak na di-masasayang at mauubos ang pinagkukunan ng tubig.

- Ang pribadong hanay ang makapagtitiyak ng higit na malinis, ligtas at mapagkikitaang serbisyo sa tubig.

***Saan nagsimula ng kaisipang isang dapat mapagkikitaan ang tubig?***

(1) Nakaugat ang kaisipang ito sa **1992 International Dublin Conference on Water and the Environment.** Pinagtibay sa pulong na "*may pangkabuhayang halaga o presyo ang tubig at nararapat tingnan bilang isang bagay na mapagkikitaan*". Inulit ito ng **Asian Development Bank** (ADB) nuong 2002 sa isang polisiya/patakaran sa tubig. Tiniyak sa *Dublin Principle* na ang pagkakaroon ng tubig (*access to water)* – ang esensiya ng buhay – ay maisaayos ayon sa patakaran ng pamilihan.

Ang mga itinatakdang pangangailangan sa pamamahala ng pinagkukunan ng tubig:

- Paglilinaw ng karapatan sa pag-aari *(property rights)* sa tubig ng Estado.
- Pagsasakatuparan ng prinsipyo na mabawi ang gastos (*full cost pricing or recovery principle)* upang mapahusay ang serbisyo sa tubig at makapaglaan ng dagdag na yaman para sa muling pamumuhunan *o reinvestments.*
- Isama sa mga pambansang patakaran ang pang-ekonomiyang halaga ng tubig sa 2005 at buuin ang mga mekanismo sa 2015 upang ganap na mabawi ang gastos para sa serbisyo sa tubig.

Sa hanay ng agrikultura, ibig sabihin nito ay babalikatin ng magsasaka ang gastos sa operasyon, panustos (*maintenance)*, pagpapagawa, gastos sa puhunan at bayad sa serbisyo ng pautang at bayad sa tubig.

(2) Ang **World Water Council (WWC)** na itinatag nuong 1995 ng United Nations at pangunahing utak o *think-tank* ang World Bank (WB) sa pagsasagawa ng patakaran sa tubig. Kasapi dito ang mga malalaking korporasyon sa industriya ng tubig, tulad ng *Aguas de Barcelona, Mitsubishi at Suez.*

*Ano ang* **World Water Council (WWC)?**

- Ang dating *managing director* ng IMF, Michel Camdessus, ang pinuno ng *panel* ng *financial experts* ng WWC;

- Ang WWC, kahit sinasabing independiente, ay nangangakong susuportahan ang maka-pamilihang patakaran (*pro-market policies)* at pagpapalaganap ng pribadong pag-aari sa paglutas ng problema sa tubig;

- Ang WWC ang nag-organisa ng *World Water Forum*, isang susing-kumperensya na nagtatakda ng *agenda* sa usapin ng tubig para sa pribadong sektor at mga gobyerno;

- Ang WWC ay sama-samang ini-*sponsor* ng WB, ng gobyerno ng Canada at Netherlands at ng ilang ahensiya ng UN na may kinalaman sa tubig;

- Ang tinataguriang walang pinapanigang pandaigdigang ahensiya sa tubig, ang Global Water Partnership (GWP) at World Water Council (WWC) ay naglalagay sa mga korporasyon ng tubig bilang ka-*partner* ng pagpapaunlad sa kabila ng mga salitang *environmental sustainability, local participation, gender, poverty reduction* at *job creation,* habang ipinalalaganap ang tubig bilang isang bagay na mapagkikitaan o pang-ekonomiyang bagay na dapat lagyan ng presyo ang tubig at maging pribado.

***Sinu-sino ang nakikinabang sa pagbebenta ng tubig?***

Sa kalakalan ng tubig, tinatayang umaabot sa pagitan ng US $400 milyon at US$ 3 trillion sa kasalukuyan at nakikitang magiging isang *multi-trillion* na industriya sa malapit na hinaharap. Ito ay kapag nailagay na sa pribado ang sistema ng tubig upang mapagbentahan ang 17% ng mamamayan ng mundo sa taong 2015.

May sampung malalaking korporasyong multinasyonal ang may kontrol sa kalakalan ng tubig, *Big Ten*, ang tawag sa kanila. Siyam (9) dito ay matatagpuan sa Europa. Mahahati ito sa tatlong (3) salansan:

(1) May kontrol sa tinatayang 70% ng kalakalan sa mundo ng tubig at kumikita mahigit sa US$ 70 bilyon kada taon:

   *a.* *Vivendi Environment* (France) – nasa mga 100 bansa sa pamamagitan ng 3,371 kompanya na may mga 100 milyong mamimili. Nasa 14 na bansa sa Asya, kasama dito ang Pilipinas, South Korea, China, Japan, India at Malaysia

b. *Suez Lyonnaise* – nasa mga 130 bansa at may 115 milyong mamimili

(2) Apat na korporasyong-pandaigdigan o global:

a. *Bouygues-SAUR*
b. *RWE-Thames Water*
c. *Bechtel-United Utilities*
d. *Enron-Azurix*

(3) Apat na medyo maliliit na korporasyon ng tubig (3 korporasyong-British ang may kontrol sa pamilihan ng tubig ng British.)

a. *Severn Trent*
b. *Anglian Water*
c. *Kelda Group*
d. *American Water Works Company (siyang bumili ng Azurix, isang subsidiyaryo ng bangkaroteng Enron)*

**Sa Pilipinas, anu-ano ang malalaking korporasyong pribado na nagbebenta ng tubig?**

(1) Ang Manila Water Company na pag-aari ng grupong Ayala at ng British United Utilities, Ltd.

(2) Ang *Maynilad Water Services* na pag-aari ng *Benpres Holding Corporation* ng pamilya ng Lopez at ng *French Lyonnais Des Eaux*

***Ano ang kasalukuyang umiiral na istruktura sa pamilihan kaugnay sa tubig?***

- Sa kasalukuyang pamilihan, umiikot sa balangkas o istrukturang tinatawag na *free-trade-centered ideology* (idolohiya/kaisipan ng malayang kalakalan) ang mga pagpapasya sa ekonomiya ayon sa interes at balak/*agenda* ng mga korporasyon. Ipinalalaganap ito sa pamamagitan ng sistema ng kalakalang *multilateral* na nakabatay sa mga patakaran at ligal na ipinapatupad ng World Bank (WB).

- Sa mga patakarang ito, kinakailangan ng mga bansa na mag-*deregulate* at i-*liberalize* ang kanilang mga puhunan, kalakal at pinansiya at itinatakdang palalimin ang pagsama sa pamilihang pandaigdigan /*global market place.*

- Taliwas sa sinasabing "malayang" kalakalan, ang pamilihang ito ay pinamamahalaan ng mga patakaran at regulasyon na ginawa ng dambuhalang institusyong pandaigdigan.

# IV. ANU-ANONG MGA ISYU ANG KINAKAHARAP NG MGA KABABAIHAN KAUGNAY SA ISYU NG TUBIG?

Ang tubig ay isang malaking bahagi ng isyu ng gender sa kanayunan hindi lamang sa kalusugan ng buong pamilya kundi pati rin sa gawain ng mga kababaihan.

**(1) Karagdagang Gawain**

Ang paglalaba at paghahanda ng pagkain ay karaniwang nasa kamay ng mga nanay at anak na babae. Dahil tali sila sa ganitong trabaho, sa maraming pagkakataon sila rin ang tumatayong taga-salok ng tubig mula sa pinagkukunang kumunal. Kadalasang oras ang binibilang araw-araw sa kanilang pabalik-balik na pagsalok ng tubig para sa pangangailangan ng buong pamilya.

Bilang tagapaghanda ng pagkain, nasa kanila rin ang responsibilidad sa pagtitiyak na ang inuming tubig ay malinis. Kaya't sila rin ang nagpapakulo at nagsasala ng tubig pang-inom. At dahil nakaasa sa kanila ang ganitong gawain mahalaga na magkaroon sila ng kaalaman sa epekto ng maruming tubig sa kalusugan ng buong pamilya.

## (2) Isyu ng kalusugan

Isa pang malaking suliranin ang epekto ng maruming tubig sa kalusugan ng kababaihan. Namimiligro ang kalusugan ng kababaihan at ang kanyang sanggol kung makakainom ng maduming tubig sa panahon ng pagbubuntis. Gayun din, ang pag-aaruga ng maysakit na maliliit na anak ay responsibilidad ng mga babae sa tahanan. At ang pinakamalimit na biktima ng maruming tubig ay yung mga sanggol at maliliit na bata. Ayon pa rin sa WHO, maraming sanggol ang namamatay taun-taon dahil sa maruming tubig. Ang mga maliliit na bata naman ay madalas nakakakuha ng bulate at iba pang malalang karamdaman dahil sa mga mikrobyong naninirahan sa tubig.

Meron ding epekto ang pagbubuhat ng mga mabibigat sa kalusugan ng kababaihan. Ilan sa mga dulot nitong karamdaman ay ang pagkasira o pagbabagong porma ng mga buto.

Mayroong 2.3 bilyon na tao sa buong mundo ang nangaganib sa mga sakit na dulot ng maruming tubig. Kasama sa mga sakit na nabanggit ang diarrhea, schistosomiasis, trachoma, ascariasis at hookworm.

Mula sa: WHO press release, “Asian cities face disease crisis, WHO warns,” 14 Octobre 2003

### (3) Isyu ng badyet

Ang pananalapi ng tahanan ay malimit responsibilidad ng mga kababaihan. At sa bawat gastos sa pagbili ng malinis na tubig ay karagdagang bawas sa lalung lumiliit na kita ng mga taga-nayon. Ayon sa pag-aaral na ginawa ng MODE sa Samar ang bawat balde ng tubig ay nagkakahalaga ng P3 hanggang P5 piso. Kung susumahin ito sa kunsumo ng isang buwan sa isang balde bawa't isang araw, lumalabas na gumagastos ang pamilya ng Php90 hanggang Php150 sa gastos sa tubig lamang. Ang karaniwang kita sa Samar ng nakararami ay P1,000 sa isang buwan. Kaya't 9 na porsyento ng kanilang kita ay napupunta sa pagbili ng tubig.

### (4) Partisipasyon ng mga kababaihan sa usapin ng tubig

Isang matinding usapin rin sa tubig ang kakulangan ng pagkakataon para sa partisipasyon ng mga POs sa usapin ng pagtatayo, pangangasiwa at pangangalaga sa mga pinagkukunan ng tubig o *water sources.* Kung meroon man, kadalasan ang mga nakaupo sa tungkulin sa ganitong hanay ay mga kalalakihan.

Gayundin, ang mga inpormasyon o mga trainings na ibinibigay sa mga kumunidad ay malimit ibinibigay sa mga kalalakihan. Halos binabaliwala ang partisipasyon ng mga babae at ng kanilang mga kaalaman na makakapagpayaman sa diskusyon at sa pagsasagawa ng mga proyektong pantubig.

# V. MGA REKOMENDASYON

Karamihan sa mga sumusunod na rekomendasyon ay halaw mula sa pananaliksik na isinagawa ng MODE sa 61 komunidad sa mga probinsya ng Samar mula noong kalagitnaan ng 2004 hanggang Mayo 2006 habang ang iba naman ay mula sa mga workshops na isinagawa ng PKKK.

1. Magsagawa ng patuloy na pag-angat ng kaisipan o *awareness-raising* kaugnay sa isyu ng tubig sa mga komunidad at sa hanay ng iba't ibang mga *stakeholders*. Ang ilan sa mahahalagang puntong kailangang diinan ay:

   - Batayang karapatan ng bawat tao ang pagkakaroon ng malinis, sapat at abot-kayang tubig sa lahat ng panahon.

   - Panatilihing *community resource* o pagmamay-ari ng komunidad ang malinis na tubig at hindi ito rekursong pagkakakitaan ng mga pribadong indibidwal o sektor.

   - Magbuo at magtaguyod ng programa para sa kalahatang pag-unlad ng mga panlipunang yaman o ang *integrated community resources development program*, na siyang magtitiyak ng patuloy na supplay ng malinis na tubig para sa mamamayan at sa susunod na henerasyon.

2. Magbuo ng mga organisasyon sa mga komunidad na siyang mangunguna, magmamay-ari, magmamalasakit at mangangasiwa sa mga naitayo na at itatayo pang mga pasilidad ng tubig.

3. Magtayo ng mga convergence groups na binubuo ng mga POs, NGOs, LGUs, grupong relihiyoso, funding partners at iba pang mga stakeholders para sa konserbasyon ng mga water sources at pag-unlad ng mga pasilidad sa distribusyon ng malinis na tubig.

4. Sa lahat ng panahon, tiyaking kalakip ng pagtatayo at patuloy na pagpapaunlad ng water supply system ang masinop na waste disposal system upang hindi maapektohan ang kalinisan ng tubig sa kasalukuyan at hanggang sa malayong hinaharap.

5. Patuloy na paunlarin ang legal framework kasabay ng water supply system development sa lokal at pambansang antas. Mahalaga ito sa pangangalaga sa bawat antas ng pag-unlad na makamit ng lipunan kaugnay sa pagkakaroon ng malinis na tubig para sa lahat ng kabahayan laluna sa malalayong mga lugar at komunidad.

Bilang pangwakas, ang pagkakaroon ng malinis na tubig ay isa sa mga pangunahing tinitiyak ng kababaihan kasabay ng pagkain at iba pang mga batayang pangangailangan ng kanilang pamilya. Sana'y magsilbing inspirasyon ang praymer na ito at makapagbigay ng kinakailangang mga impormasyon na makakatulong sa mga organisasyon sa mga komunidad kaugnay ng napakahalagang usapin ng malinis na tubig. Sa pangunguna ng malakas na pwersa ng kababaihan kasabay ng kolektibong pagkilos ng mga komunidad, sama-samang magsagawa ng mga kongkretong hakbang tungo sa pagkakaroon ng malinis na tubig sa mga kabahayan partikular pa sa kanayunan.

# MGA PINAGHALAWAN


- RA 9275 "Philippine Clean Water Act of 2004"
- Manufacturing Water Insecurity, Charles Santiago, A SEACON Publication, 2003
- Policy Trends in Water Resources Management in the Philippines, Tambuyog Development Center 2003
- Water Districts: Privatizing A Vital Need, IBON Facts & Figures, 2001
- Your Body's Many Cries for Water, Second Edition, F. Batmanghelidj, MD, Global Health Solutions, Inc.
- Water for the 21st Century: Vision to Action, Global Water Partnership
- Rural Women Water Cluster Consultation Proceedings, 2004 and 2006
- MODE's Water Research Paper, 2006
- Community Water, Water Commons Institute Plan Philippines, June 2006

# MGA KASAPI NG PKKK CLUSTER ON WATER

Anita Ogrimen
Basey Womens Association
Lawaan, Basey, Western Samar

Apol Jimenez
Philippine Center for Water and Sanitation
Ermin Garci St., Cubao,
Quezon City

Bomida Flores
Bohol Community Assistance Program (BOCAP)
Dampas, Rd., Mansasa District,
Tagbilaran City

Caridad Tenedero
Uswag Kababayen-an sa Brgy Camparanga
Brgy. Camparanga, Pambujan,
Northern Samar

Froilyn Mendoza
Tenduray-Lambangian Womens Organization
San Pedro St., Kimpo Subd.,
Cotabato City

Ma. Amparo Felisilda
Federation of Rural Workers Association for Rural Development (FORWARD Women)
Pambujan, Northern Samar

Margarita Royandoyan
Women's Development Center
UEP, Northern Samar

Joelyn Biag
MODE, Inc.
99 Matimtiman St., Sikatuna
Village, Quezon City

Josephine Morales
Municipal Midwife
Brgy. Cababtoan, Pambujan,
Northern Samar

Judith Elesterio
Sarilaya
Central I, Brgy. Inarawan,
Antipolo City

Lorelyn de Lara
Sarilaya – Antipolo
Bataan St., Sta. Mesa, Manila

Lourdes Olmedo
Women's Development Center
UEP, Northern Samar

Luz Fegarido
TMargie Lacanilao
Sarilaya – Nueva Ecija
Imelda Valley, Palayan City,
Nueva Ecija
Rosa Presno
KASAMAKA / Norma Linpoc
Sumpong St., Brgy. Zapatera, / Sikatuna
Malaybalay City, Bukidnon / Cebu City

Patricia Gonzales / Rosario Fe Acosta
MODE, Inc. / UEP, Samar
99 Matimtiman St., Sikatuna / UEP-Catarman, Northern
Village, Quezon City / Samar

Rasma Ampuan
Moro Farmers Association in Zamboanga Sur (MOFAZ)
Dafu Panas, Buug, Zamboanga
SibugaySally Verallo
Agraryo Repormang Samahang

Margie Lacanilao
Sarilaya – Nueva Ecija
Imelda Valley, Palayan City,
Nueva Ecija

Norma Limpoc
Sumpong Consumers Coop
Malaybalay City, Bukidnon

Patricia Fe Gonzales
MODE, Inc.
99 Matimtiman St., Sikatuna
Village, Quezon City

Rasma Ampuan
Moro Farmers Association in
Zamboanga Sur (MOFAZ)
Dafu Panas, Buug, Zamboanga
Sibugay

Sally Verallo
Agraryo Repormang Samahang
Kababaihan (ARSK)
Jamboree, Nangan,
Gov. Generoso, Davao Oriental

Violeta Robos
Samahan ng Kababaihan sa
Barangay Paninirongan
Pambujan, Northern Samar

Victoria Gonzales
AMKB – Western Batangas
Nasugbu, Batangas

*Ang Rural Women Cluster ay isa sa mga "Issue Cluster" ng Pambansang Kongreso ng kababaihan sa Kanayunan (PKKK). Ang PKKK ay itinatag noong Oktubre 2003. Ang pangkalahatang kalihim ng PKKK ay si Bb. Daryl Leyesa, Philippine Peasant Institute, Rm. 319, PSSC Building, Commonwealth Avenue, Quezon City.*

Hinggil sa Naglathala
MODE

March 2005

# Hinggil sa Naglathala

## Management and Organizational Development for Empowerment (MODE)

• Ang MODE ay isang nagsasariling institusyong pangkaunlaran at resource center na naglilingkod sa mga sektor mula sa kanayunan para sa pangangasiwa ng pagbabago at pag-unlad.

• PANGARAP ng MODE ang pagkakaroon ng mga maunlad na lokal at pambansang ekonomiya at panlipunang kaayusan na nagsusulong ng simulain ng pagkakapantay-pantay batay sa uri at kasarian, patuloy na pag-unlad sa kalikasan at pananalapi, pagsasakapangyarihan ng mamamayan at paggalang sa karapatang pantao.

• MISYON ng MODE ang pagsusulong ng pangkabuoang estratehiya ng pangkaunlaran sa kanayunan lalo na ang pagtatag ng mga lokal na ekonomiya na may layuning malutas ang problema sa kahirapan.